8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Allan A. Ortiz. Phd, SMRIEdr, SMRIM- (Elizabeth Seton School - Las Pinas Campus)

**Tagasuri**:

- PNU-RITQ Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO / KUWARTER 4/ BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Florante at Laura para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ang mag-aaral ng spoken poetry na nagtatampok sa apat na himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng Kalinangang Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>□ Nakabubuo ng tula para sa spoken word poetry na nagtatampok sa apat na himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng kalinangang Pilipino<br>-Nakapipili ng angkop na mga salita<br>-Nakasusulat ng plano at borador ng tula para sa spoken word poetry<br>-Nagagamit ang matalinghagang salita at elemento ng tula para spoken word poetry<br>-Nairerebisa ang piyesa para sa spoken word poetry<br>-Naisasapinal ang nagawang spoken word poetry |
| **D. Nilalaman** | Pagbuo ng tula sa pamamagitan ng tekstong multimodal<br>(spoken poetry)<br>Pagpapalalim sa Apat na Himagsik |
| **E. Integrasyon** | Ugayang Pangkapayapaan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Master Class (August 24, 2020). How to write a spoken poetry. https://www.masterclass.com/articles/how-to-write-spoken-word-poetry<br>Ortiz.A (September 13, 2020) [Video]. Pagbigkas ng tula/talumpati. Iba'to Wika, Panitikan, Awit, atbp. https://youtu.be/s7CBbUC2igI?si=Bm7Z5HnM4EFExKY9 |

Ortiz.A (September 19, 2020) [Video]. Sangkap at elemento ng tula. Iba'to Wika, Panitikan, Awit, atbp. https://youtu.be/5pTCKfFN138?si=E0YpiJGVggvLlXJ0

## III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**

**BALIK-ARAL:** Hanapin sa palaisipan ang mga salitang tinutukoy sa bawat bilang

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| F | D | O | R | D | N | A | N | E | M |
| L | A | L | B | A | N | Y | A | P | A |
| E | Y | L | W | O | O | G | D | E | S |
| R | E | H | A | U | E | J | O | R | A |
| I | S | N | M | D | F | K | L | S | M |
| D | I | L | T | A | I | I | F | Y | A |
| A | N | U | R | E | B | N | O | A | K |
| M | I | R | A | M | O | L | I | N | E |

1. isang Turko
2. pinag-iwanan ng hukbo
3. nakubkob ng mga Moro
4. Pinakulong ni Sultan Ali-Adab
5. Bansang pinagmulan ni Aladin
6. Malupit na Konde

**MGA TALA SA GURO:**

Bilang balik-aral ay sasagutin ng mga mag-aaral ang palaisipan upang hanapin ang mga salitang tinutukoy sa bawat bilang.

**Mga Tamang Sagot:**
1. Miramolin
2. Menandro
3. Albanya
4. Aladin
5. Persya
6. Adolfo

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**1.1. VIDEONALISIS–** Panoorin ang isang video ng spoken poetry tungkol sa Pilipinas at sagutin ang mga tanog.

Link: https://youtu.be/i8G48Y_9cV0?si=3a4aYw3SLClTV1Qv

**Tanong-Tugon:** Punan ang sumusunod na katanungan.

| Tanong | Tugon |
|---|---|

**MGA TALA SA GURO:**

Panoorin ang video ng isang spoken poetry tungkol sa Pilipinas. Sagutin ang mga gabay na tanong para sa malayang talakaayn.

| | |
|---|---|
| 1.Tungkol saan ang spoken poetry na napakinggan o napanood? | |
| 2. Ano-ano ang mga katotohanang isinasaad sa tulang binigkas? | |
| 3. Ano ang mensaheng nais iparating ng tula sa mga tagapakinig? | |
| 4. Paano kaya naging epektibo ang mga ganitong uri ng tula? | |


**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay
4- Mahusay
3- Katamtamang Husay
2- Di-Gaanong Mahusay
1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| 1. Nasagot ba nang wasto ng mga tanong sa pagsusuri? | |
| 2. Malinaw bang naipaliwanag ang pasalitang pag-uulat? | |
| 3. Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**2.1. TALASALITAAN –** Magbigay ng mga salitang maaring maiugnay sa salitang nasa bilog. Isulat ang mga posibleng sagot sa kahon.




**Posibleng Sagot:**
1. may tugmaan
2. makatotihanan
3. nakaaliw
4. may mensahe
5. batay sa karanasan
6. may hugot

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1:** ______________________<br>**VIDEO-ARALIN** Panoorin ang element at sangkap ng tula gamit ang link.<br>Link: https://youtu.be/5pTCKfFN138?si=E0YpiJGVggvLlXJ0<br><br>**PAGBASA -** Basahin ang isang pagtalakay kung aano sumulat ng "spoken poetry" gamit ang link sa ibaba. .<br>Link: https://www.masterclass.com/articles/how-to-write-spoken-word-poetry<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**BAGO SUMULAT –** Mag-isip ng isang napapanahong paksa o usapin na batid ng nakararami. Mas mainam ay ang paksang ito ay gusto mong talakayin dahil may nalalaman ka tungkol ditto o maaaring may karanasan ka tungkol sa paksa.<br><br>Gabay na tanong:<br>1. Ano ang nais mong bigyang talakay na usapin na may nalalaman ka?<br>2. Bakit mo nais itong gawan ng *spoken poetry*?<br><br>**PAGSULAT** – ngayong may paksa ka na, handa ka nang sumulat ng iyong tula. Tandaan ang mga sangkap at elementong data taglayin ng tula. Maaaring balikan ang video-aralin upang magabayan ka.<br>Tandaan:<br>1. Sa pagsulat ng tula kailangang pumili ka ng mga pinakamagagandang salita na maglalarawan sa iyong paksa.<br>2. Gamitin mo ang iyong mga pandama: paningin, pansalat, pang-amoy, pandinig, at damdamin sa pagbuo ng iyong tula.<br>3. Maging makatotohanan ka sa iyong paglalarawan sa iyong sinusulat na tula.<br>4. Huwag mong limitahan ang sarili mo sa pagsulat ng iyong tula. Huwag isiping maikli o wag isiping mahaba, basta ipahayag mo sa pamamagitan ng tula ang iyong nasasaisip, nararamdaman, nalalaman at nais talakayin. | Ipapanood sa mga mag-aaral ang video-aralin tungkol sa sangkap at elemento ng tula. Matapos nito ay ipabasa sa mga mag-aaral ang isang pagtalakay kung paano sumulat ng spoken poetry gamit ang link.<br><br>(Ang Rubrik sa gawaing ito ay makikita sa Sagutang Papel ng Pagkatuto) |

5. Maaaring gabayan ang sarili sa pagbabalik sa apat na himagsik ni Balagtas upang maging inspirasyon mo sa pagsulat ng iyong sariling tula.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**I-TSEK MO NGA –** Lagyan ng tsek kung ang pahayag ay nagsasaad ng katotohanan at ekis kung hindi.

_________ 1. Ang *spoken poetry* ay isang tuluyang uri ng panitikan.
_________ 2. Ang tula ay pagpili ng pinamakahuhusay at angkop na salita.
_________ 3. Sa isang tradisyunal na pagsulat ng tula ay kailangang may sukat at tugma ang isang tula.
_________ 4. Hindi mahalaga ang pandama sa pagsulat ng isang tula.
_________ 5. Ang tema ng lahat ng *spoken poetry* ay tumatalakay lamang sa iisang usapin.

**Mga Tamang Sagot:**
1. x
2. /
3. /
4. x
5. x

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**VIDEONALISIS –** Panoorin ang isang ulat tungkol sa fake news sa mga kabataan.
**Link:** https://www.youtube.com/watch?v=cUAoLKQDg7c&ab_channel=ABS-CBNNews
**Tanong-Tugon:** Punan ang sumusunod na katanungan.

| Tanong | Tugon |
|---|---|
| 1.Bakit bumagsak ang mga kabataan sa pagtukoy ng *fake news* sa internet? | |
| 2. Ano ang dahilan kung bakit bumagsak sa diagnostikong pagsusulit ang mga kabataan sa pagkilatis ng *fake news* sa *social media*? | |
| 3. Ano ang dapat gawin ng kabataan upang malaman ang *misinformation* at *disinformation* sa *social media*? | |

Maaaring gawin ang gawaing ito sa paraang round table discussion, Matapos ng pagkatang pagababahaginan ay ibabahagi ang kaisipang nakuha nila sa kasapi ng pangkat.

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Ano ang dapat gawin ng isang kabataan upang matukoy ang mga *misinformation* at *disinformation* sa *social media*? | |

**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay
4- Mahusay
3- Katamtamang Husay
2- Di-Gaanong Mahusay
1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| 1. Nasagot ba nang wasto ng mga tanong sa pagsusuri? | |
| 2. Malinaw bang naipaliwanag ang pasalitang pag-uulat? | |
| 3. Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

**D. Paglalahat**

1. **Pabaong Pagkatuto**

   **REBISYON NG TULA –** Balikan ang sinulat na tula, muling basahin ito at gawan ng rebisyon sa mga saknong o taludtod na kailangan ng pagbabago gaya ng salitang ginamit, tugmaan at bilang ng pantig sa taludtod.

2. **Pagninilay sa Pagkatuto**

   **NILAY-HAYAG:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.
   Sa araling ito:
   - Nalaman kong ______________________________________________.
   - Naranasan kong ____________________________________________.
   - Naramdaman kong ___________________________________________.
   - Para sa akin, ang spoken poetry bilang isang uri ng tula ay______________.
   - Bilang mag-aaral____________________________.

   **GABAY-NILAY**: Pasulat
   Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.
   1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>A. Piliin sa kahon ang kasingkahulugan ng salitang nakalimbag nang pahilig.Isulat sa tabi ng bilang ang sagot.<br><br>tayutay  malayang taludturan  spoken poetry  sukat<br>tradisyunal  tula<br><br>1. Isang uri ng panitikan na kilala sa malayang paggamit ng wika batay sa anyo at estilo.<br>2. Bilang ng pantig sa bawat taludtod.<br>3. Isang anyo ng tula na may sukat at tugma.<br>4. Isang malikhaing pagkukwento sa anyong patula.<br>5. Ang tulang ito ay walang sukat at tugma.<br><br>B. Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung kahayag ay nagsasaad ng katotohanan.<br>_______________ 1. Kailangang pumili ng paksa ng naiibigan mo sa pagsulat ng *spoken poetry*.<br>_______________ 2. Sumulat ng isang tesis sa iyung spoken poetry na nais mong ipabatid sa iyong tagapakinig.<br>_______________ 3. Isulat mo ang nais Makita, maamoy, malasahan, madama, masalat ng iyong tagapakinig ng iyog *spoken poetry.*<br>________________ 4. Gumamit ng paulit-ulit na salita upang magkaroon ng dating at malinaw na mensaheng nais ipabatid ng iyong *spoken poetry.*<br>_________________ 5. Basahin mo ang iyong sinulat at tiyaking magkakatugma ang tunog ng mga salitang ginamit sa bawat taludtod upang maging maganda sa pandinig ng iyong tagapakinig.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin** | **Mga Tamang Sagot:**<br>A.<br>1. tula<br>2. sukat<br>3. tradisyunal<br>4. spoken oetry<br>5. malayang taludturan<br><br>B.<br>1. /<br>2. /<br>3. /<br>4. /<br>5. / |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">- Panoorin ang video-aralin kung paano bumigkas ng tula gamit ang link: https://youtu.be/s7CBbUC2igI?si=Bm7Z5HnM4EFExKY9</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>